





## 4. Republic Act 10121

Ang Republic Act 10121 ay naisabatas noong taong 2010. Bukod sa gawaing emergency response ay mas pinalawak nito ang saklaw ng pamamahala sa disaster sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa mga gawaing pag-iwas at pagbawas, paghahanda, pagtugon, at pagbangon at rehabilitasyon.


<p><b>Pag-iwas at Pagbawas (Prevention and Mitigation)</b></p>	<p><b>Prevention</b> -pagsasagawa ng mga hakbang na makapagbibigay ng permanenteng proteksyon o nakapagbabawas sa tindi ng epekto ng disaster.</p> <p><b>Mitigation</b> -pagsasagawa ng mga gawain bago dumating ang disaster upang mabawasan ang tindi ng pinsala nito.</p>  <p>CDP illustrations</p>
<p><b>Paghahanda (Preparedness)</b></p>	<p>Hakbang na isinasagawa upang maging handa sa panahon ng disaster.</p>  <p>Public Awareness and Early Warning</p> <p>CDP illustrations</p>
<p><b>Pagtugon (Response)</b></p>	<p>Ang layunin ay matulungan ang mga nasalanta ng disaster para mapabilis ang muling pagbangon at mabawasan ang paglala ng kanilang sitwasyon.</p>  <p>CDP illustrations</p>
<p><b>Pagbangon at Rehabilitasyon (Recovery and Rehabilitation)</b></p>	<p><b>Rehabilitation</b> -Mga pamamaraan na ginagawa ng komunidad para mapanumbalik ito sa kalagayan bago naganap ang disaster o malapit sa dating katayuan.</p> <p><b>Recovery</b> -Ang pagpapanumbalik at pagsasaayos ng mga pasilidad, kabuhayan at kalagayan ng isang komunidad na tinamaan ng disaster.</p>  <p>CDP illustrations</p>

## Community-Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM)


### 1. Kalagayan ng Disaster sa Pilipinas

#### Bakit madalas ang disaster sa Pilipinas?

...dahil ang ating bansa ay matatagpuan sa Pacific Ring of Fire kung saan madalas ang pagsabog ng mga aktibong bulkan.




...dahil ang ating bansa ay daanan ng mga bagyo na namumuo sa Karagatang Pasipiko. Ito ang tinatawag na typhoon belt.



### 2. Batayang Konsepto

#### Anu-ano ang mga dapat nating isaalang-alang sa CBDRRM at Climate Change?

##### Bantang Panganib



Ito ay penomena na nagbabanta pa lamang at maaaring makaapekto sa komunidad. Ito ay maaaring natural tulad ng bagyo at lindol o kaya ay maaari ding gawa ng tao tulad ng di maayos na pagtatapon ng basura at faulty wiring.

### Bulnerabilidad



<https://www.pinterest.com/pin/506021708104356152/?lp=true>

Ito ang mga kahinaan o kondisyon na nagiging hadlang upang umangkop o mabigyang proteksyon ang sarili o komunidad mula sa panganib, at bumangon mula sa pinsala ng disaster (hal. kahirapan).

### Kapasidad



<https://www.megapixel.com/fire-house-black-and-white-illustration-9547631>

Ito ang mga kakayahan at kalakasan ng komunidad na magagamit para tiyakin ang kaligtasan ng komunidad. (hal. May mga kasanayan na bumbero sa barangay at pagkakaroon ng sariling firetruck na barangay).

### Pagkalanatad



<https://humarabachpan.wordpress.com/tag/sanitation-for-children/>

Ito ay maaaring sitwasyon o kinalalagan ng isang lugar na dahilan upang magkaroon ng disaster sa isang lugar (hal. komunidad na malapit sa matataas na gusali, marumi at baradong mga ilog).

### Disaster



ClipartXtra




CDP illustrations



CDP illustrations

Masasabi lamang na may disaster kung ang bantang panganib ay tumama na at nagkaroon na nang malawakang epekto sa bulnerableng komunidad (hal. nasunog ang mga kabahayan at nasalanta ang kabuhayan sa komunidad).

Ano ang dapat nating gawin para mabawasan ang tsansa ng disaster?



### Bakit umiiral ang Climate Change?

Ang climate change o pagbabago ng klima ay ang pag-init ng mundo dahil sa pagtaas ng carbon dioxide emissions bunga ng paggamit ng fossil fuels (langis, gas, coal). Resulta din ito ng pagpuputol ng mga puno na sisisip sana ng mga carbon dioxide.



Pl.123pf.com



Getty images



Thenounproject.com

Ano ang dapat nating gawin sa umiiral na climate change?

<b>PAG-ANGKOP (adaptation)</b> Paraan para makaakma ang tao at komunidad sa inasahang pagbabago sa klima	<b>PAGBAWAS (mitigation)</b> Paraan para mapababa ng tao ang polusyon at carbon emissions sa mundo
hal: pagtanim ng mga crops na pwedeng mabuhay kahit sobrang init o lamig, pagtataas ng mga sahig na madaling bahain.	hal: paggamit ng energy saving light bulbs (bumbilya), pagba-bike sa halip na paggamit ng de motor na sasakyan, paggamit ng natural fertilizer, pagpatay ng aircon kapag hindi ginagamit.

### 3. Community Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM)

Paano natin maaaring mapababa ang bulnerabilidad at mapataas ang ating kapasidad?

Mahalagang ang mga tao mismong direktang apektado o maapektuhan ng disaster ang nagdidisenyo ng mga gawain, proyekto at programang kontra-disaster batay sa kanilang pangangailangan at kakayahan. Kailangan ang pagtutulungan ng buong komunidad para maging mas organisado at sistematiko ang pamamahala sa disaster.

